# INTERNATIONAL NAPASA ( December 9, 2025 )

## 1) IMPORMASYON UKOL SA SCHOLARSHIP PARA SA MAG-AARAL NG HIGH SCHOOL

高校生のための奨学金についてのお知らせ

Dito sa Kanagawa Prefecture ay may sistemang pagbibigay ng ***SCHOLARSHIP*** para sa mga mag-aaral na papasok ng High School sa isang taon. Ito ay hindi na kailangang isauli subalit may mga sumusunod na kondisyon:

1. Ang magulang at ang anak ay nakatira sa loob ng Kanagawa Prefecture.
2. Maaring mag-aral ang anak sa labas ng Kanagawa Prefecture subalit kinakailangang ang magulang ay nakatira sa Kanagawa Prefecture.
3. Hindi nagbabayad ng Resident Tax.

Para sa pag-aapply ay ipadala ang mga sumusunod na dokumento sa pamamagitan ng koreo sa ***BOARD OF EDUCATION (KYOUIKU IINKAI)*** ng Kanagawa Prefecture:

1. Application Form
2. Residence Certificate ng boung pamilya
3. Certificate ng Income ng magulang

Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa December 15, 2025. Para sa mas detalyadong pamamaraan ng pag-aapply ay maaaring tumawag sa ***MULTILINGUAL LANGUAGE SUPPORT CENTER ( TAGENGO SHIEN SENTA- )*** ng Kanagawa Prefecture.
**Telephone Number 045-316-2770 ( 045-316-2770 ).**

## 2) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG ENERO

1月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***HULA DANCE, TAICHI EXERCISE, REJUVENATION EXERCISE, YOGA, TABLE TENNIS, SPORTS BLOW ARROW,*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa December 15 (Monday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

## 3) IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa December 14 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN ・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay

## 4) IMPORMASYON UKOL SA WALKING PARA SA KALUSUGAN

健康ウオーキングのお知らせ

Sa December 14 (Sunday) ay magkakaroon ng ***"WALKING PARA SA KALUSUGAN"*** sa Banyu Fureai Koen. Dito ay makalalahok ang 50 naunang dumating na tao na may edad 40 taong gulang pataas. Ang oras ay mula10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Magdala ng towel, sariling inumin at magsuot ng walking shoes. Para sa mga mga katanungan ukol dito ay maaaring tumawag sa ***BANYU FUREAI KOEN*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463--24-1137 (0463-24-1137) Fax No. 0463-25-0106 (0463-25-0106).**